

Republic of the Philippines
Department of Education
NATIONAL CAPITAL REGION
Misamis Street, Bago-Bantay, Quezon City

UNIFIED SUPPLEMENTARY LEARNING MATERIALS



MATHEMATICS 3 Quarter 4 Week 5

DEVELOPMENT & EDITORIAL TEAM

Writer: **Marivic Elaine T. Piad**

Illustrator: Marivic Elaine T. Piad

Layout Artist: Marivic Elaine T. Piad

Content Editors:

Language Editors:

Management Team:

Regional Director : Malcolm S. Garma

SDS : Margarito B. Materum

CLMD Chief: Genia V. Santos

CID Chief : Ellery G. Quintia

Regional EPS (Math.): Bernadeth C. Daran

Regional LR Supervisor : Dennis M. Mendoza

SDO EPS (Math.) : Mirasol I. Rongavilla

SDO LR : Daisy L. Mataac

Librarian II : Joseph Son

Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi Ipinagbibili.

UNIFIED SUPPLEMENTARY LEARNING MATERIALS

Grades 3 MATHEMATICS

ARALIN 5: Visualizes, and represents, and measures area using appropriate unit. Solves routine and non-routine problems involving areas of squares and rectangles.

MGA INAASAHAN

Pagkatapos ng araling ito, inaasahang nagagawa mo ang sumusunod:

- Naipakikita at nasusukat ang area ng isang parihaba o parisukat.
- Nalulutas ang suliraning *routine* o *non-routine* sa pagkuha ng area ng parisukat o parihaba.

UNANG PAGSUBOK

A. Panuto: Pagtambalin ang figure sa Hanay A sa area nito sa Hanay B. Isulat ang titik ng tamang sagot.

	Hanay A	Hanay B
___ 1.	4 cm 	A. 200 square meters
___ 2.	 6 cm 3 cm	B. 64 square meters
___ 3.	 8m	C. 80 square meters
___ 4.	 20 m	D. 16 square centimeters
___ 5.	 10 m 20 m 4 m	E. 18 square centimeters

UNIFIED SUPPLEMENTARY LEARNING MATERIALS

Grades 3 MATHEMATICS

BALIK-TANAW

Panuto: Basahin ang talahanayan. Pagsamahin ang laman ng sisidlan sa Hanay A at ibigay ang kabuoang sagot nito sa Hanay B.

Sisidlan	Laman
balde	6 000 mililitro
pitsel	2 litro
bote ng mineral	500 mililitro
water jug	10 litro
baso	500 mililitro

Hanay A

1. balde at water jug
2. bote ng mineral at baso
3. water jug at pitsel
4. baso at pitsel
5. balde, bote ng mineral at baso

Hanay B

- _____ (sa litro)
- _____ (sa litro)
- _____ (sa mililitro)
- _____ (sa mililitro)
- _____ (sa litro)

MAIKLING PAGPAPAKILALA NG ARALIN

Ang *area* ng isang pigura o hugis ay ang bilang ng mga parisukat na yunit na sumasakop sa ibabaw ng isang saradong pigura. Ito ay sinusukat gamit ang *square unit* tulad ng *square centimeters* o *square meter*.

Paano natin malulutas ang mga karaniwang suliranin at di karaniwang gamit ang area ng parisukat at parihaba?

Sa paglutas ng mga karaniwang at di-karaniwang suliranin gamit ang area ng parisukat at parihaba, palagi nating tandaan ang mga sumusunod:

- Alamin ang tinatanong o hinahanap sa suliranin.
- Alamin kung anu-anong mga datos o *given* ang nabanggit sa suliranin.
- Alamin kung anong *operation(s)* ang dapat gamitin.
- Alamin kung ano ang *number sentence*.
- Ibigay ang tamang sagot.

UNIFIED SUPPLEMENTARY LEARNING MATERIALS

Grades 3 MATHEMATICS

A. Area ng Parisukat


Solusyon sa pagkuha ng

$$\text{Area ng Parisukat} = \boxed{S \times S}$$

I-multiply ang sukat ng isang bahagi ng parisukat sa sarili niyang sukat dahil pareho lang naman ang sukat ng haba at lapad nito. Pag-aralan ang mga sumusunod na halimbawa.

Suliranin 1:

Isa sa mga takdang-aralin ni Jose ay ang pagkuha ng area ng hugis parisukat na kahon. Naisipan niyang kunin ang area ng kahon ng relo. Ito ay may haba at lapad na 7 centimeters. Ano ang area ng kahon?



7 cm

$$\begin{aligned}\text{Area} &= S \times S \\ &= 7 \text{ cm} \times 7 \text{ cm} \\ &= 49 \text{ square centimeters}\end{aligned}$$

❖ Ang area ng kahon ay **49 square centimeters**.

B. Area ng Parihaba

Solusyon sa pagkuha ng

$$\text{Area ng Parihaba} = \boxed{L \text{ (length o haba)} \times W \text{ (width o lapad)}}$$

I-multiply ang sukat ng haba sa lapad nito.


Halimbawa:

Suliranin 2:

Nagpapagawa ng bahay sina Aling Delia. Nais kunin ng karpentero ang area ng silid-tulugan at silid-tanggapan. Ang silid tulugan ay may sukat na 4 na metrong haba at 3 metrong lapad, samantalang ang silid-tanggapan naman ay may parehong haba at lapad na 3 metro. Ano ang kabuuang area ng dalawang silid?

UNIFIED SUPPLEMENTARY LEARNING MATERIALS

Grades 3 MATHEMATICS




Silid-tulugan = $L \times W$
 $= 4 \text{ m} \times 3 \text{ m}$
Area = 12 sq. m

Silid-tanggapan = $L \times W$
 $= 3 \text{ m} \times 3 \text{ m}$
Area = 9 sq. m

- ❖ Kung pagsasamahin ang area ng dalawang silid, ang kabuoang area nito ay **21 square meters.**

GAWAIN 1

Panuto: Gamitin ang *figure* sa ibaba sa pagsuri at pagpunan ng tamang sagot sa sumusunod na bilang. Ibigay ang hugis ng bawat *figure* sa Hanay **A** at ang area nito sa Hanay **B**.



UNIFIED SUPPLEMENTARY LEARNING MATERIALS

Grades 3 MATHEMATICS

Hanay A (Hugis)

Figure A - _____

Figure B - _____

Figure C - _____

Figure D - _____

Figure E - _____

Hanay B (Area)

GAWAIN 2

A. Panuto: Basahin, unawain at lutasin ang suliranin. Ipakita ang iyong *solution* sa sagutang papel.

1. Ang *basketball court* ay may haba na 8 meters at may lapad naman itong 4 na meters. Ano ang *area* nito?
2. Ang isang silid sa paaralan ay may lapad at haba na 5 meters. Ano ang *area* ng silid?
3. Ang *area* ng isang *cardboard* ay 70 sq. cm. Ano ang sukat ng haba at lapad nito?
4. Ang isang parihabang kahon ay may sukat na 7 cm ang haba at 5 cm ang lapad. Ano ang *area* nito?
5. Ang *area* ng parisukat na hardin ni Aling Fely ay 12 square meters. Ano ang maaring sukat ng haba at lapad nito?


UNIFIED SUPPLEMENTARY LEARNING MATERIALS

Grades 3 MATHEMATICS


GAWAIN 3

Panuto: Ibigay ang area ng sumusunod na *figure* sa pamamagitan ng pagbilang sa maliliit na parisukat (*squares*).


1. _____ square units




2. _____ square units




3. _____ square units



4. _____ square units



5. _____ square units



TANDAAN

Ang **area** ay tumutukoy sa bilang ng mga parisukat na yunit (*square unit*) na nakapaloob sa ibabaw ng isang saradong hugis o *figure*. Ito ay sinusukat ng square units. Halimbawa ng area ay ang area ng parisukat at parihaba. Maaring gumamit ng **meter(m)** o **centimeter(cm)** sa pagkuha ng area ng parisukat at parihaba.


UNIFIED SUPPLEMENTARY LEARNING MATERIALS

Grades 3 MATHEMATICS

PAG-ALAM SA MGA NATUTUHAN


A. Panuto: Ibigay ang area ng hugis na ipinapakita sa card.

1.




Area = _____

2.




Area = _____

3.




Area = _____

4.




Area = _____

B. Panuto: Ibigay ang nawawalang sukat ng sumusunod na hugis para makuha ang area ng parisukat at parihaba.




1. $S =$ _____ $A =$ _____



2. $L =$ _____ $W =$ _____ $A =$ _____

(Para sa bilang 3-5)



- Ano ang area ng Lot A? _____
- Ano ang area ng Lot B? _____
- Ano ang kabuoang area ng dalawang lot? _____

UNIFIED SUPPLEMENTARY LEARNING MATERIALS

Grades 3 MATHEMATICS

PANGWAKAS NA PAGSUSULIT

A. Panuto: Lutasin ang suliranin. Piliin ang titik ng tamang sagot.

____ 1. Sa isang hugis parisukat na silid nina Gng. Buenafe ay may sukat na 6 meters. Ano ang area ng silid?

- A. 24 sq.m B. 30 sq. m C. 36 sq. m D. 42 sq. m

____ 2. Nilalabhan ni Rita ang basahan na may 15 cm ang haba at 6 cm ang lapad. Ano ang area ng basahan?

- A. 60 sq. cm B. 75 sq. cm C. 90 sq. cm D. 105 sq.cm

____ 3. Ano ang area ng papel kung may sukat itong 10 cm na haba at 5 cm na lapad?

- A. 40 sq. cm B. 50 sq. cm C. 60 sq.cm D. 70 sq. cm

____ 4. Si Aling Ruby ay may hugis parihabang carpet. Ito ay may 4 meters na haba at 3 meters na lapad. Ano ang area ng carpet?

- A. 12 sq. m B. 14 sq. m C. 16 sq.m D. 18 sq. m

____ 5. Ang area ng parisukat na lote ay 64 sq. m. Ano ang haba ng lote kung ang lapad nito ay 8 meters?

- A. 7 B. 8 C. 9 D. 10

UNIFIED SUPPLEMENTARY LEARNING MATERIALS

Grades 3 MATHEMATICS

ANSWER KEY

PANGWAKAS NA PAGSUSULIT

PAG-ALAM SA NATUTHAN

1. C
2. C
3. B
4. A
5. B
1. 16 square units
2. 40 square units
3. 72 square units
4. 32 square units
- B.
1. $S = 5$
- A = 25 sq. units
2. $L = 10$
- $W = 6$
- A = 60 sq. units
3. 24 sq. m
4. 16 sq. m
5. 40 sq. m

ASSESSMENT

UNANG PAGSUBOK

1. D
2. E
3. B
4. A
5. C

BALIK-TANAW

1. 16 L
2. 1 L
3. 12 000 ml
4. 2 500 ml
5. 7 L

GAWAIN 1

Hanay A

1. parisukat
2. parihaba
3. parihaba
4. parisukat
5. parisukat

GAWAIN 2

1. 32 sq. m.
2. 25 sq. m.
3. 10 cm x 7 cm
4. 35 sq. cm.
5. 4 m x 3 m

GAWAIN 3

1. 16
2. 28
3. 25
4. 16
5. 18

Sanggunian:

21st Century Mathematics 3

Discovering Mathematics Today 3

Modern Mathematics 3 for Elementary Pupils

Mathematics-kagamitan ng Mag-aaral (Grade 3)